



PAMANTAYAN SA PAGHAHANAP NG LIKAS NA HILAW NA MATERYALES

LAYUNIN

Ang ating layuning magprotekta, magpagaling at magpayaman sa walang-humpay na paghahangad ng mas malinis at malusog na mundo ay nangangahulugang nakikipagtulungan tayo sa Reckitt sa ating mga Business Partner ¹ upang gumawa ng mga positibong epekto sa lipunan at kapaligiran sa ating buong kolektibong value chain. Kabilang dito ang upstream supply chains at mga pinagmumulan ng likas na hilaw na materyales (natural raw materials, NRMs) mula sa mga halaman, hayop at mineral na ginagamit natin sa maraming produkto. Itinatakda ng Pamantayang ito kung paano ipatupad ang Prinsipyo III ng Patakaran sa Paghahanap para sa Maipagpapatuloy na Paglago ng Reckitt, **ang kaseryosohan ng Reckitt sa responsableng paghahanap ng likaw na hilaw na materyales.**



MGA SANGGUNIANG LEGAL AT SA INDUSTRIYA

Ang mga kahingiang ito ay ibinalangkas habang isinasaalang-alang ang sumusunod:

1. Ang International Bill of Human Rights
2. UN Guiding Principles for Business and Human Rights
3. ILO Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work – walong susing kumbensyon na sumasaklaw sa apat na paksa:
 - Kalayaan sa pagsasamahan
 - Kalayaan mula sa sapilitang paggawa
 - Child labor
 - Kawalan ng diskriminasyon sa trabaho
4. Stockholm Convention on Persistent Organic Pollutants
5. Rotterdam Convention on the Prior Informed Consent Procedure for Certain Hazardous Chemicals and Pesticides in International Trade
6. WHO Recommended Classification of Pesticides by Hazard (indicated in the WHO 1a and WHO 1b columns)
7. The HCV Resource Network: High Conservation Value Approach (HCVA) upang protektahan ang natural at mga panlipunang kayamanan kagaya ng mga intact na kagubatan, pambihira at endemic na species at habitats, vital ecosystem services, at cultural sites
8. Ang High Carbon Stock Foundation's High Carbon Stock Approach (HCSA) upang maiuri ang kagubatan sa anim na klase: High Density Forest, Medium Density Forest, Low Density Forest, Young Regenerating Forest, Scrub, at Cleared/Open Land.

¹ Ang 'Business Partner' ay sinumang supplier ng mga produkto o serbisyo sa Reckitt, o sinumang distributor na nagtatrabaho sa Reckitt supply chain. Kabilang dito ang lahat ng supplier na nagmamapangkat sa ngalan ng Reckitt, mga supplier ng hilaw na materyales at materyales sa pagpapakete, mga service provider, vendor, trader, ahente, kontraktor, joint venture partner, at distributor, kabilang ang kanilang mga empleyado, ahente, at iba pang kinatawan.

Mga Business Partner na nasa mga sumusunod na NRM supply chain kung kanino ipinatutupad ang Pamantayang ito:

- **Agrikultura** (kabilang ang maliliit na magsasaka at mas malalaking plantasyon)
- **Pagmimina**
- **Marine** (wild at farmed)
- **Wild lands at impormal na agrikultura** (Tingnan ang Pagprotekta sa mga Ecosystem – 3.5)

Mga parte ng supply chain na napapailalim sa Pamantayang ito:



Seryoso kami sa pakikipagtulungan sa aming mga Business Partner upang maisakatuparan ang Pamantayang ito na mahalagang bahagi ng mga kontrata sa lahat ng Business Partner na gumagamit ng mga NRM. Pareho kami ng aming mga Business Partner na may responsibilidad na tiyaking sinusunod ang Pamantayang ito sa loob ng aming mga supply chain, sa mas malawak na operasyon nila, at sa mga kinaaukulang prodyuser at tagaproseso.

MGA SANGGUNIAN SA SGD

GANAP NA
SINUSUPPORTAHAN NG
RECKITT ANG
PAGSASAKATUPARAN NG UN
SUSTAINABLE DEVELOPMENT
GOALS (SDGs) BAGO ANG
2030



Positibong natutugunan ng aming negosyo at mga brand ang ilang SDG; gayunpaman, naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pamantayang ito, magkakaroon kami ng pinakamalaking epekto sa pito sa mga layunin.

Hinihikayat din ng Reckitt ang mga Business Partner na gumawa ng mga hakbang upang makapag-ambag sa mga SDG na iyon na may kabuluhan para sa mga heograpiyang kinaroroonan nila at kung saan magkakaroon sila ng pinakamalaking epekto sa pamamagitan ng kanilang negosyo.


MGA PRINSIPYONG GABAY PARA SA PAGHAHANAP NG MGA NRM

ANG PAMANTAYANG ITO AY NAKABATAY SA ANIM NA PRINSIPYONG GABAY



01 Pag-unawa sa pinagmumulan ng materyales

Dapat alam ng mga Business Partner ang mga heograpikal na lokasyon at pag-aari ng mga prodyuser at tagaproseso sa kanilang mga NRM supply chain at masusubaybayan ang pagsunod sa Pamantayang ito. Dapat naaakses ng Reckitt ang impormasyong ito, at mas mainam kung pati ng publiko.



02 Pagprotekta sa mga manggagawa at komunidad

Hindi dapat maganap sa loob ng ating supply chain ang pagsasamantala sa manggagawa, diskriminasyon at pagkakalantad sa pinsala. Dapat umakasyon ang mga Business Partner upang maiwasan ito sa kanilang mga supply chain, sang-ayon sa Pamantayan sa Mga Karapatan sa Paggawa at Pantao ng Reckitt at partikular na may kinalaman sa mga bulnerableng grupo na binigyang-diin sa Pamantayang ito.



03 Pagprotekta sa mga ecosystem

Hindi dapat mapinsala ang mahahalaga at protektadong natural na area at species dahil sa produksyon o pagpoproseso ng mga NRM na ginagamit ng mga Business Partner o sa pamamagitan ng pagpapalawig ng area ng produksyon o pagpoproseso. Dapat subaybayan at tugunan ng mga Business Partner ang anumang panganib na mapinsala ang mga area na ito.



04 Pagpapaliit ng mga epektong pangkapaligiran

Dapat subaybayan at itaguyod ng mga Business Partner ang pagbabawas ng greenhouse gas (GHG) emissions, paggamit ng tubig, pagkonsumo ng kuryente at basura sa kanilang mga NRM supply chain. (Tingnan ang Pamantayan ng Reckitt sa Pagprotekta sa Kapaligiran).



05 Kapakanan ng hayop

Ang ilang NRM ay nagmula sa mga produkto ng hayop na nilikha sa ilalim ng kontrol ng tao (hal., mga bakang lumilikha ng gatas na ginagamit sa ating mga produktong gatas ng sanggol). Inaasahan namin na titiyakin ng mga Business Partner na masusunod ang 'five freedoms' ng kapakanan ng hayop pagdating sa mga NRM na mula sa hayop sa ating mga supply chain.



06 Mga Pakikipagsosyo

Dapat magtulungan ang mga Business Partner sa ilang stakeholder kabilang ang (ngunit hindi limitado sa) mga katrabaho, customer, NGO, ahensya ng gobyerno at mga teknikal na eksperto upang mapahusay ang lalim ng pagsunod ng supply chain sa Pamantayang ito.

MGA PRAYORIDAD NA NRM

Sa paglalathala ng Pamantayang ito, natukoy ng Reckitt ang limang Prayoridad na NRM batay sa materyal na panganib na idinudulot nito sa ating negosyo, ang likas na mga panganib sa karapatang pantao at pangkapaligiran sa itaas ng ating supply chain, at ang ating pagtingin sa relatibong halaga ng mga ito sa ating mga produkto at brand.



Latex

Ginagamit sa Durex condoms at kinukuha sa Southern at South East Asia.



Timber

Ginagamit sa papel at karton na pakete ng produkto, kinukuha sa buong mundo para sa lahat ng ating merkado.



Dairy

Mga derivative ng gatas, na madalas sa anyo ng powder, na ginagamit sa mga produktong pangsanggol at pambata ng Reckitt at kinukuha sa North America, Europe, Australia at New Zealand.



Natural fragrances

Naglalakip ng iba't ibang materyales mula sa isang hanay ng mga pinagmulan kabilang ang vetiver mula sa Caribbean, pine oil mula sa Asia, at flower at fruit oils mula sa Europe at South America.



Palm oil

Mga derivative na ginagamit sa ilang produktong pangkalusugan, pangkalinisan, at nutrisyon ng Reckitt na kalakhang kinukuha sa Malaysia at Indonesia.

MGA KAHINGIAN PARA SA AMING MGA BUSINESS PARTNER

Alinsunod sa Prinsipyo III ng Patakaran sa Paghahanap para sa Maipagpapatuloy na Paglago ng Reckitt, **ang kaseryosohan ng Reckitt sa responsableng paghahanap ng likaw na hilaw na materyales** ay nangangailangan ng:

1. Pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at pagpapanatili ng mga kinakailangang legal na permit. Kung saan maaaring ituring ng Reckitt na hindi sapat ang mga ito, dapat dagdag na ipatupad ang mga pamantayan sa karapatang pangkapaligiran, pantao at sa paggawa na kinikilala sa buong mundo (gaya ng nakasaad sa Mga Pamantayan ng Reckitt).
2. Pagsunod sa minimum na kahingian sa Pamantayang ito. Inaatasan ang mga Business Partner na aktibong gumawa ng aksyon at magpakita ng tuluy-tuloy na pagpapahusay pagdating sa mga karapatang pangkapaligiran at pantao.
3. Mabisang paglalaan at pagpapatupad ng mga sistemang magpapahintulot sa mga Business Partner na subaybayan ang kanilang mga direkta, Tier 2, at Tier 3 supplier upang matasa ang potensyal na panganib ng hindi pagsunod at kumilos upang mabawasan at kung saan kinakailangan ay mamagitan para sa pagbabago.

-
4. Dapat magkaroon ang mga supplier ng sistema na magpapahintulot sa kaniyang tukuyin, iwasan, remedyuhan, at sukatin ang mga potensyal na panganib ng hindi pagsunod sa mga karapatan sa paggawa, pantao, sa ecosystem at mas malawak na hindi pagsunod sa kapaligiran.

Maaaring hindi salaminin ng katotohanan sa mga supply chain ang mga pamantayang nakasaad dito. Sa ilang kalagayan, mangangailangan ng matinding pagsisikap, minsan ng ilang stakeholder at nagsasangkot ng sistematikong pagbabago ang pagkamit ng mga pamantayang ito. Seryoso kami sa pakikipagtulungan sa mga supplier at third-party partner upang ganap na maunawaan at isara ang mga puwang sa loob ng mga napagkasunduan at makatotohanan ngunit mapangarapin ding haba ng panahon. Minsan, pipili kami ng sarili naming organisasyon sa pakikipagtullungan upang suportahan ang mga aktibidad na ito at ang mga supplier.



Gayunpaman, kung saan ang pagkamit ng Pamantayang ito ng aming mga supplier at ng kanilang mga supply chain ay napatunayang hindi posible sa loob ng mga katanggap-tanggap na haba ng panahon, inilalaan namin ang karapatang umalis sa relasyong ito. Maaari itong ibatay sa hindi pagsunod na natukoy sa loob o labas ng aming direktang supply chains, halimbawa sa operasyon at supply ng mas malawak na grupo ng mga kumpanya ng aming mga supplier.

Mga pamantayan at naaangkop na sourcing landscapes

PRINSIPYO 01: Pag-unawa sa pinagmumulan ng materyales

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga kahingian sa Business Partner
Lahat	1.0 Transparency Ang mga patakaran at pamantayan ng kumpanya ay nakaayon sa Pamantayang ito at pinakamainam kung available sa publiko. Dapat i-ulat nang hindi bababa sa taunan ang pag-usad sa mga pamantayang ito. 1.1 Traceability Nagpapanatili ng mga rekord na nagdedetalye sa mga lokasyon ng mga pangunahing prodyuser at tagaproseso sa mga upstream supply chain, kasama ng mga detalye ng pagmamay-ari ng mga ito. Ibinibigay ito sa Reckitt kapag hiniling.
Marine	1.1.1 Ang (mga) lokasyon ng mga pangisdaan at sakahan, pag-aari ng mga bangka at daungang pinagbababaan ay inaalang at itinatala, at ibinabahagi sa Reckitt kapag hiniling.
Wild lands/impormal na agrikultura	1.1.2 Ang mga heograpikong area kung saan kinukuha ang mga ligaw na NRM ay inaalang at minamapa, may mga legal na permiso at permit sa pangongolekta mula sa mga naaangkop na awtoridad. Itinatala at ibinibigay ito sa Reckitt kapag hiniling.
Lahat	1.2 Pagsubaybay Mayroong mga sistema upang subaybayan ang pagsunod sa mga pamantayan ng Pamantayang ito at nagbubuo ng mga plano at aktibidad na time-bound upang maisara ang anumang puwang. 1.3 Engagement Magsasagawa ng sistematikong pamamaraan upang aktibong maisangkot ang mga prodyuser at tagaproseso sa mga upstream supply chain nang sa gayon ay matukoy at isara ang mga potensyal na puwang alinsunod sa Pamantayang ito. 1.4 Proseso ng pagrereklamo Mayroong pormal na prosesong ipinatutupad upang resolbahin ang mga iniulat sa loob at labas na asal at aksyon (mga reklamo) na taliwas sa mga kahingian ng Pamantayang ito.

PRINSIPYO 02: Pagprotekta sa mga manggagawa at komunidad

Malinaw na ibinabalangkas ng Mga Pamantayan sa Paggawa at Karapatang Pantao, at Kalusugan at Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho ang ating mga kahingian sa mga Business Partner at ang inaasahan nating makita sa kanilang mga supply chain. Nakalista sa ibaba ang mga karagdagang pamantayang partikular na ipatutupad sa mga upstream NRM supply chain.

Mga bulnerableng grupo

Ang mga karapatan ng mga grupong nakalista sa ibaba ay dapat igalang alinsunod sa mga kahingiag inilarawan sa Mga Pamantayan sa Paggawa at Karapatang Pantao, at Kalusugan at Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho, at nang may partikular na pagsangguni sa mga pamantayang nasa ibaba.

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga kahingian sa Business Partner
Lahat	2.1 Migranteng manggagawa: Dapat suportahan, nang direkta o sa pamamagitan ng mga programa ng third-party, ang mga pangunahing prodyuser at tagaproseso upang matiyak ang pagre-recruit ng mga katutubo at internasyunal na migranteng manggagawa. Dapat nakatuon ang mga programa sa pagtitiyak ng malusog at ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa mga migrante, pagwawaksi ng ugaling nagdidiskrimina, at patas at makatuwirang mga tuntunin at kundisyon sa pagtatrabaho, alinsunod sa mga manggagawang nagmula sa lokal, at gaya ng nakabalangkas sa Pamantayan sa mga Karapatan sa Paggawa at Pantao ng Reckitt. Dapat magbigay ng partikular na pokus sa pagtugon sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao na karaniwan sa pagre-recruit ng mga migranteng manggagawa at pagbabawas ng mga panganib na nauugnay sa pagtatrabaho kasama ng mga migranteng manggagawa.
	2.2 Mga bata Dapat magkaroon ng mga programa para matiyak na napipigilan ang pang-aabuso ng bata at mga pinakamalalang anyo ng child labor sa upstream supply chains. Alinsunod sa international labor standards, ang batang may edad 12 hanggang 15 ay pinahihintulatang magtrabaho sa ilalim ng superbisyon sa isang sakahang pag-aari o pinatatakbo ng isang magulang o legal na tagapangalaga kapag ito ay hindi nakakaabala sa pag-aaral o akademikong pag-aaral. Dagdag dito, dapat magpatupad ng mga hakbang upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng bata, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagtitiyak na ang trabaho ay hindi: 2.2.1. Nangyayari sa gabi 2.2.2. Nagsasangkot ng mabigat na manwal na paggawa o pagpapatakbo ng makinarya 2.2.3. Nangyayari sa maliliit at masisikip na espasyo 2.2.4. Nagtatrabaho sa taas na mahigit dalawang metro 2.2.5. Nagsasangkot ng paghawak o paglalagay ng mga kemikal Dapat magpatupad ng mga hakbang para matiyak na tuluy-tuloy na nasusubaybayan at – kung kinakailangan – napipigilan ang mga panganib na magkaroon ng child labor. Dapat magkaroon ng mga tauhang maalam sa mga panganib na ito at magpatupad sila ng mga mabisang paraan para mapigilan ang mga ito.
	2.3 Kababaihan Dapat nakapokus ang mga programa sa pagtitiyak ng malusog, ligtas, at nagsasaalang-aalang na kapaligiran ng trabaho para sa kababaihan, sa pagwawaksi ng mapagdiskriminang asal, at kaugnay ng pagtanggap, promosyon, at pagbabago ng sahod.
	2.4 Small-scale producers (hal., maliitang sakahan, mga bangkang pag-aari ng iisang may-ari na pinatatakbo sa mga pangisdaan) Dapat aktibong isinasama ang mga maliitang prodyuser sa mga supply chain kung saan posible. Titiyakin ng pagsasama, kung saan posible at praktikal, ang:

- 2.4.1.** Tiwala at transparency sa pagitan ng mga buyer at maliitang prodyuser at iba pang aktor, tulad ng mga broker, upang maiwasan ang pagsasamantala.
- 2.4.2.** Napapabuti ang hanapbuhay at kalagayang panlipunan ng mga magsasaka.
- 2.4.3** Natutugunan ang mga dahilan ng smallholder deforestation.
- 2.4.4** Pag-iipon ng kakayahan upang matiyak na nagpapanatili at nagpapahusay ang mga magsasaka ng mahahalaga at protektadong lupain (ref. 3.0– 3.5).
- 2.4.4.** Papasok na pamumuhunan at suporta ng mga ahensya ng gobyerno at sa labas ng gobyerno.

2.5 Mga subkontraktor, pansamantala at impormal na manggagawa

Dapat nakatuon ang mga programa sa pagtitiyak ng malusog at ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa mga subkontraktor, pansamantala at impormal na manggagawa, habang tinitiyak ang pagwawaksi ng panganib ng mapagdiskriminang asal, at pagbibigay ng mga tuntunin at kondisyon sa trabaho na naaayon sa full-time na trabaho.

Wild lands/impormal na agrikultura	2.6 Mga harvester ng wild NRMs May mga ipinatutupad na hakbang upang matiyak na ang mga komunidad na nangongolekta ng NRM sa ligaw ay binibigyan ng mga proteksyong nakabalangkas sa Pamantayan sa Karapatan sa Paggawa at Pantao ng Reckitt. Dapat magbigay ng partikular na atensyon sa mga bulnerableng grupo na nagtatrabaho sa mga komunidad na ito.
Agrikultura, minahan, mga wild land	2.7 Mga katutubo at lokal na komunidad Dapat makakuha ng libre, pauna, at may kabatirang pahintulot (Free, prior and informed consent, FPIC) bago ang pagtatayo ng mga bagong lugar ng produksyon, gaya ng isinasaad ng Food and Agriculture Organisation of the United Nations.

Proteksyon laban sa at paggamit ng potensyal na nakapipinsalang substance

Seryoso ang Reckitt sa pagtitiyak na ang mga potensyal na nakapipinsalang substance ay hindi ginagamit hangga't maaari sa aming supply chain.

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga kahingian sa Business Partner
Agrikultura, minahan, mga wild land	2.7 Mga ipinagbabawal na materyales Iyong mga nakasaad sa Stockholm POP convention, Rotterdam PIC lists o iniuri bilang WHO class 1a o 1b list ay hindi dapat gamitin sa produksyong ng mga NRM. 2.7.1. Hindi dapat gumamit ng mga kemikal na hindi inaprubahan para gamitin sa kinauukulang bansa. 2.7.2. Hindi dapat gumamit ng mga pestisidyong ipinagbabawal ng batas.
Agrikultura	2.8 Mga Pestisidyo Dapat limitahan ang paggamit sa sakahan ayon sa batas at tagubilin ng manufacturer. Kung saan natural o organic, o mayroong available at praktikal ang pestisidyong mas mababa ang toxicity, dapat gawin itong prayoridad.
Lahat	2.9 Paggamit ng nakalalason at/o potensyal na nakapipinsalang kemikal Ang mga humahawak nito ay maayos na sinanay sa paggamit ng mga ito at binigyan ng maayos na proteksyon laban sa masasamang epekto dulot ng pagkakalantad o maling paggamit.
Marine	2.10 Ang paggamit ng mga lason at pampasabog sa marine environment ay hindi pinahihintulutan.

PRINSIPYO 03: Pagprotekta sa mga ecosystem

Nakababahala ang pagkasira at pagkawala ng mga ecosystem, na nagpapababa ng biodiversity ng ating planeta at nakakabawas sa kakayahan ng mga natural na sistema ng natural na mundo, na kumokontrol sa klima, sa pagiging available ng sariwang tubig at nagbibigay ng isang hanay ng mga kinakailangang 'serbisyo' sa mga tao tulad ng pagkain at kanlungan. Hinihingi namin sa mga Business Partner na aktibong tugunan ang potensyal para sa pagkawala ng ecosystem sa ating mga supply chain.

Mga importante at protektadong natural na area

Dapat aktibong tiyakin ng mga Business Partner ang proteksyon ng mga 'legal na pinoprotektahan' at 'importanteng' lupain, gaya ng nakasaad sa ibaba.

Mga legal na pinoprotektahang natural na area: Ang mga lupain at panubigan na binibigyan ng legal (nasyunal o internasyunal) na proteksyon laban sa pinsala, kabilang ang – ngunit hindi limitado sa – mga national park, national monument o marine protected areas at ang species na naninirahan sa mga ito (biodiversity) ay hindi dapat maapektuhan sa negatibong paraan ng produksyon o pagpoproseso ng mga NRM na ginagamit ng aming mga Business Partner o ng mga kaugnay na komunidad, o sa pamamagitan ng anumang pagpapalawig ng NRM 'sourcing landscape'.

Mga importanteng landscape: Mga lupain at panubigang kulang sa legal na proteksyon gaya ng inilalarawan sa itaas ngunit tinukoy bilang karapat-dapat sa proteksyon sa pamamagitan ng malawak na kinikilala at siyentipikong pamamaraan, dahil sa kahalagahan ng biodiversity na natagpuan sa mga ito. Dapat aktibo ring protektahan ang mga landscape na ito. Nasa ibaba ang mga kilalang halimbawa ng mga naturang landscape at ecosystem.

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga halimbawa ng mahahalagang landscape na dapat protektahan
Lahat	3.0 IUCN-defined protected areas Mga tinukoy na nature reserve, wilderness area, national park, natural monument o features, habitat/species management area, protected landscape/seascape, mga protektadong lugar na may sustainable na paggamit ng mga likas na yaman. Mga itinalagang fragile biomes at site na may partikular na siyentipikong interes. 3.1 Mga lugar na tinukoy bilang high conservation value (HCV) ng HCV approach (HCVA) Ang biological, ecological, social o cultural value ng mga lugar na may malaking kahalagahan o labis na importansya, na ipinatutupad sa: species diversity, landscape-level ecosystems at mosaics, rare, threatened, o endangered ecosystems, critical ecosystem services, pangangailangan ng komunidad, cultural values. Tingnan ang 'High Conservation Value Network'. 3.2 Mga Gubat Dapat magpatupad ng forest-positive approach na nakatuon sa aktibong pagprotekta sa mahahalagang gubat (kabilang iyong mga tinukoy bilang High Carbon Stock). 3.2.1 Pangunahing Gubat Kung saan ang mga epekto ng tao ay karaniwang nalilimitahan sa mababang antas ng harvesting at interference; na tinatawag din bilang mga 'mature,' 'old growth,' o 'virgin' forest; 3.2.2 High Carbon Stock Forests Inilalarawan ng High Carbon Stock Approach (HCSA) bilang: High, Medium at Low Density at Young Regenerating Forests. Tingnan ang 'High Carbon Stock Approach'. 3.3 Peatlands Anuman ang lalim.

Marine	3.4 Mga sustainable marine environment Marine-derived NRMs na kinuha sa mga sustainable na pangisdaan, batay sa kanilang pagiging sustainable na stock ng kinauukulang marine species, na nagpapaliit ng epektong pangkalikasan at pinangangasiwaan sa paraang tumutugon sa nagbabagong pangangailangan ng kalikasan (gaya ng tinukoy ng Marine Stewardship Council).
Wild lands/impormal na agrikultura	3.5 Wild lands Ang sustainability ng landscapes kung saan nangongolekta ang mga komunidad ng NRM ay protektado. Ang mga landscape na ito ay inilalarawan ng ' Fair Wild Organisation '.

Pamamahala at pagpapanumbalik ng mahahalagang ecosystem

Aktibong nag-aambag ang mga Business Partner sa pagprotekta at pagpapahusay ng mga importante at protektadong lupain (gaya ng inilarawan sa itaas) na apektado ng mga NRM supply chain. Nakasaad sa ibaba ang mga halimbawa ng mga pamamaraang dapat ipatupad upang maiwasan ang pinsala sa tuwing praktikal at kapaki-pakinabang.

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga halimbawa ng pagsubaybay, pamamahala at pagpapanumbalik na dapat isagawa sa tuwing posible at makabuluhan
Lahat	3.6 Pagpapanumbalik ng mga ecosystem Kung saan nakapagdulot ng pinsala sa mga importante at protektadong ecosystem, mga hakbang upang maipanumbalik ang mga ito, habang sumasangguni sa mga may kaugnayan at ekspertong pamamaraan – hal., integrated HCV-HCS assessments (para sa palm oil, sumangguni sa seksyon 1.2.2.2 at 3.2.1 ng Appendix A: Palm Oil)
Agrikultura, minahan, mga wild land	3.7 Biodiversity off-setting Kung saan hindi praktikal o naaangkop ang pagpapanumbalik, natutumbasan ng biodiversity offsets ang mga negatibong epekto kaugnay ng mga iginagalang na pamamaraan – hal. Pagsunod sa IUCN Guidance on Biodiversity Offsets .
	3.8 Landscape approaches Mga kontribusyon – pinansyal at materyal – sa mga inisyatibang nagbubuklod sa mga kinauukulang stakeholder – hal., mga negosyo, gobyerno, prodyuser, mga kinauukulang komunidad at samahang sibil (hal., mga NGO) – bumuo ng mga sustainable, at holistic na paraan para pangasiwaan ang production landscapes sustainably, ayon sa napagkasunduan at masusukat na layuning maghahatid ng pagbabago kaugnay ng Pamantayang ito.
	3.9 Designated riparian areas Are protected and ipinanunumbalik bilang malusog sa mga prayoridad na wetlands at watersheds.
	3.10 Wildlife corridors Ang mga lugar na nagsisilbing habitat na nagkokonekta sa mga populasyon ng hayop na naihiwalay ng mga gawain o istruktura ng tao (hal., mga kalsada, pagpapaunlad, o pagsasaka) ay hinihikayat at sinusuportahan saanman makabuluhan, praktikal at kapaki-pakinabang, ayon sa payo ng eksperto.
	3.11 Mga buffer zone Mga haba ng natural na damuhang nagsisilbing pagitan ng lupain ng produksyon at legal na protektado at mahalagang natural na area (tingnan ang 3.0–3.3 sa itaas), upang magbigay ng dagdag na proteksyon.

PRINSIPYO 04: Pagpapaliit ng mga epektong pangkapaligiran

Seryoso ang Reckitt sa pagbabawas ng nakapipinsalang greenhouse gas (GHG) emissions, nagagamit na tubig at nakokonsumong enerhiya at basura sa mga NRM supply chain.

Dapat bumuo ang mga Business Partner, saanman praktikal, ng mga programang may tagaproseso at prodyuser sa kanilang mga supply chain at mga ekspertong ikatlong partido upang matiyak ang sapat na pagsubaybay at solusyon sa pagbabawas. Nakasaad sa ibaba ang mga halimbawa.

(Mga) naaangkop na sourcing landscape	Mga halimbawa ng mga programa at pamamaraan na dapat isagawa sa tuwing posible at makabuluhan
4.0 Pagbabawas ng GHG emissions	
Agrikultura, minahan, mga wild land	4.0.1 Mga prodyuser (hal., mga sakahan, pangisdaan): 4.0.1.1 Pagbabawas ng paggamit ng fossil fuels, hal., para sa paglikha ng mga pasilidad sa pagpapainit at pagluluto. 4.0.1.2 Hindi dapat magsunog bilang paghahanda ng lupa para sa mga bagong itatanim para sa agrikultura o anumang iba pang uri ng pagpapaunlad o sa pamamahalaga ng mga plantasyon o sakahan.
Lahat	4.0.2 Mga pangunahing tagaproseso: 4.0.2.1 Pagbabawas ng paggamit ng fossil fuels para sa mga pasilidad ng enerhiya at pagpoproseso.
4.1 Pagbabawas ng nagagamit na tubig	
Agrikultura	4.1.1 Mga pangunahing prodyuser: 4.1.1.1 Pagbabawas ng paggamit ng hindi napangagasiwaan o maaksayang teknik sa irigasyon. 4.1.1.2 Pagbabawas ng paggamit ng riverine buffer zones para mag-filter ng agricultural inputs.
Lahat	4.1.2 Pangunahing tagaproseso: 4.1.2.1 Pagbabawas ng nagagamit na tubig sa pangunahing pagpoproseso ng mga NRM – hal., paghuhugas at pagsasala.
4.3 Pagbabawas ng nagagamit na enerhiya	
Lahat	4.3.1 Mga pangunahing prodyuser at tagaproseso: 4.3.1.1 Paggamit ng mas sustainable na pinagmumulan ng enerhiya, kung saan mayroon. 4.3.1.2 Paglalagay ng mga bagong teknolohiya upang mabawasan ang nakokonsumong enerhiya.
	4.3.2 Pangunahing tagaproseso: 4.3.2.1 Pagbabawas ng fossil fuels sa mga pangunahing pasilidad ng pagpoproseso.
4.4 Pagbabawas ng basura	
Lahat	4.4.1 Mga pangunahing prodyuser at tagaproseso:

4.4.1.1. Pagbabawas ng naiipong basura sa pangunahing site ng produksyon/pagpoproseso; pag-iwas sa masasamang epekto sa mga ecosystem – hal., sa pamamagitan ng pangangasiwa ng basura; mas matipid na paggamit ng materyales; circularity.

4.4.2. Pangunahing tagaproseso:

4.4.2.1 Mas pinahusay na pangangasiwa ng basurang mula sa NRM – hal., reduce, re-use at recycle.

PRINSIPYO 05: Kapakanan ng hayop

Kakaunti ang naaapektuhan sa nagagamit naming likas na hilaw na materyales na mula sa hayop. Hinihingi namin sa mga magsasaka at sa mga nangangasiwa sa mga hayop na ito na tiyaking hindi nasasaktan ang mga ito nang hindi kinakailangan. Kung saan ang mga NRM ay nakukuha sa mga hayop sa ilalim ng kontrol ng tao (hal., ang gatas na ginagamit sa nutrisyon ng sanggol) dapat tiyakin ng mga Business Partner na alam ng mga prodyuser at tagaproseso sa kanilang mga supply chain at tinitiyak ang kapakanan ng hayop sa pamamagitan ng pagtataguyod ng ‘five freedoms’ na kinikilala sa buong mundo.

Ang five freedoms ay nakasaad sa Guiding Principles of the World Organisation for Animal Health (OIE):

- I. kalayaan mula sa kagutuman, malnutrisyon at pagkauhaw;
- II. kalayaan mula sa takot at pagkakabahala;
- III. kalayaan mula sa labis na init at pisikal na discomfort;
- IV. kalayaan mula sa kirot, pinsala, at sakit; at
- V. kalayaang magpakita ng normal na padron ng pag-uugali.

PRINSIPYO 06: Mga Pakikipagsosyo

Ang mga supply chain ay madalas na bahagi ng mas malawak, partikular na heograpikal, hurisdiksiyunal, o iba pang matutukoy na landscape na nagsasangkot ng iba’t ibang industriya, natural na ecosystem at imprastruktura. Namumuhunan ang Reckitt sa mga multi-stakeholder partnership na naghahatid ng sustainable, holistic na pamamaraan sa sustainable na pangangasiwa ng mga landscape, ayon sa mga napagkasunduan at masusukat na layunin at - kung saan naaangkop - ay umaasa sa mga katulad na pinansyal at hindi pinansyal na pamumuhunang gagawin ng mga business partner. (Tingnan ang pamantayan 3.8.)

Pakikipagtulungan sa Aming Mga Business Partner

Nangangako kaming makikipagtulungan sa mga Business Partner upang maisara ang mga puwang kung saan may tunay na kaseryosohang ihatid ang positibong pagbabagong natukoy, gaya ng hinihingi. Kinikilala namin na kami at ang aming mga Business Partner ay hindi palaging magkakaroon ng sagot o kadalubhasaang kinakailangan upang matugunan ang mga hamon na kinakaharap sa mga NRM supply chain na binabanggit sa ilalim ng limang prinsipyong gabay na nakasaad sa itaas.

Pakikipagtulungan sa mga ekspertong organisasyon

Inaasahan naming mamumuhunan ang mga Business Partner sa mga pakikipagtulungan sa mga ekspertong organisasyon ng ikatlong partido na makakapaghatid ng masusukat na epekto para tugunan ang hanay ng mga usaping binabanggit sa Pamantayang ito. Inaasahan naming mamumuhunan ang mga Business Partner ng sarili nilang kayamanan (pinansyal at hindi pinansyal) sa mga tulongang ito at bubuo ng sarili nilang tulongan hanggang sa pinakamataas na antas na posible.

Sertipikasyon

Para sa mga partikular na NRM, dapat gumamit ang mga Business Partner ng maaasahan, kinikilala sa buong mundong pamantayan ng ikatlong partido para tiyakin na matutugunan ang aming mga pamantayan.

Nakasaad ang aming mga inaasahan at kung kailan namin inaasahang matutugunan ito:

Sertipikasyon	Kinakailangan	Implementasyon
Fair rubber	Ang natural na latex na ginagamit sa pagmamanupaktura ng Durex condoms sa Malaysia at Indonesia ay dapat kunin sa mga plantasyong sertipikado ng Fair Rubber Association (FRA).	Bago ang pagtatapos ng 2022
MSC	Ang krill oil na ginagamit sa ating produktong Mega Red ay dapat kunin sa operasyong sertipikado ng Marine Steward Council (MSC). Dagdag dito, anumang marine species na kinuha sa mga marine protected area (ref. 3.4) ay dapat kunin sa operasyong sertipikado ng MSC.	Ipinatutupad
FSC at PEFC	Kung hindi minanupaktura gamit ang post-consumer recycled materials, ang papel at kartong ginagamit sa ating pakete ay dapat sertipikado ng Forestry Stewardship Council (FSC) o Programme for the endorsement of Forest Certification (PEFC).	2021
Round Table for Sustainable Palm Oil (RSPO)	Lahat ng Business Partner na nagsusuplay ng palm oil derived products ay dapat miyembro ng RSPO. Ang mga langis at iba pang materyales na nakuha sa palm oil na gagamitin para sa pagkonsumo ng tao ay dapat direktang kunin sa mga sakahang sertipikado ng RSPO sa pamamagitan ng segregated certification system (SG) ng RSPO. Kung saan posible, ang palm oil na ginagamit sa ating mga produkto ay dapat kunin sa mga plantasyon at sakahan ng RSPO. Kung saan hindi ito posible, sisikapin nating bumili ng RSPO credits upang maabot ang mga bolyum sa loob ng katanggap-tanggap na haba ng panahon.	2026

PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

Tayo ay isang organisasyong may mahihigpit na prinsipyo sa responsibilidad at integridad at palagi nating nilalayong gawin ang tama. Nauunawaan natin ang hamon ng paghahanap ng likas na hilaw na materyales sa isang kumplikadyong supply chain sa buong mundo at maraming sistematikong hamon na hindi kayang tugunan nang paisa-isa. Dahil dito, hinihikayat natin ang mga Business Partner na aktibong isiwalat sa atin kung saan sila nahihirapan sa pag-abot sa Pamantayang ito, nang sa gayon ay makapagtulungan tayo sa pagtugon sa mga usapin at mapalakas ang mga management system upang matiyak ang tuluy-tuloy na pagpapahusay.



SAKLAW

Ang Pamantayang ito ay naaangkop sa aming mga Business Partner at mga entidad na nagmamay-ari ng mga likas na hilaw na materyales sa pamamagitan ng supply chain bago isuplay ang mga ito sa amin. Ang mga supply chain na ito ay nagsisimula sa mga prodyuser, tulad ng mga sakahan at plantasyon, minahan at pangisdaan at maaaring kabilangan ng mga tagaproseso, tulad ng mga crusher o extractor bago makarating sa aming Business Partner (madalas ay isang Tier 1 direct supplier na nagsusuplay ng materyales sa Reckitt).

Ang Pamantayan ay binubuo ng anim na prinsipyong gabay at sumusuportang pamantayan. Iniaatas ng Pamantayan na makipagtulungan ang mga Business Partner ng Reckitt sa kanilang upstream suppliers upang matiyak—at maipakita—na ang mga NRM na nahahanap at ginagamit nila ay responsableng nililikha, nang may paggalang sa kapaligiran at pangangailangan ng mga lokal na komunidad.

Ang Appendix A ay naglalarawan ng mga pamantayang partikular na nalalapat sa palm oil supply chain ng ating supplier. Mas maraming appendix ang idaragdag sa mga darating na panahon, na magbibigay ng mga pamantayan para sa iba pang partikular na NRM ayon sa kinakailangan.